**Please print the letter below and photocopy onto school letterhead before distribution**

Sulat sa mga magulang tungkol sa bagong mga pangyayari sa komunidad
Letter to parents regarding recent community events

Mahal na magulang/tagapag-alaga,

Bilang tugon sa bagong mga pangyayari sa komunidad, gumawa ang inyong paaralan ng mga sumusunod na hakbang.

Tinitiyak sa mga estudyante na ang paaralan ay patuloy na magiging ligtas na kapiligran sa lahat. Pinaalalahanan ang mga estudyante tungkol sa mga probisyon para sa kanilang kagalingan at mga patakaran laban sa rasismo (anti-racism) na titiyak na sila ay masusuportahan kung sila ay makakaranas ng anumang personal na panliligalig.

Ang mga estudyante ay binigyan ng pagkakataon na pag-usapan ang tungkol sa kanilang damdamin at sila ay pinaaalalahanan na maaari nilang kausapin ang tagapayo ng paaralan o ang ibang kawani ng paaralan kung sila ay nag-aalala o naguguluhan. Ang patuloy na suporta ay ibibigay sa sinumang estudyante na nangangailangan nito.

Makakatulong kung makakausap ninyo ang inyong mga anak tungkol sa mga pangyayaring ito at hikayatin sila na patuloy na maging mapagpaubaya at mapagmalasakit sa lahat ng tao, sa paaralan man o sa malawak na komunidad.

Ang pagpapanatili sa normal na mga gawain at interes sa tahanan ay makakatulong sa mga bata na nahaharap sa mga mahihirap na sitwasyon.

Mangyari lamang na kontakin ang paaralan kung mayroon kayong partikular na pagkabahala para sa inyong anak at ang tulong ay maaaring makuha sa lalong madaling panahon.

Kung kailangan ninyo ng tagapagpaliwanag upang tulungan kayo sa pagkontak sa paaralan, tawagan ang numero ng Serbisyo sa Telepono sa Pagpapaliwanag sa 131 450, at humiling ng tagapagpaliwanag sa inyong wika. Ang opereytor ang kakausap sa isang tagapagliwanag upang tulungan kayo sa inyong pag-uusap. Hindi kayo pagbabayarin sa serbisyong ito.

Lubos na sumasainyo,

Prinsipal (Principal)